




Checklist para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante Eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan ng San Francisco, Nobyembre 3, 2020

MAHALAGANG ABISO PARA SA MGA HINDI MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS

Posibleng makuha ng Immigration and Customs Enforcement (Tagapagpatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana, ICE) at iba pang ahensiya, organisasyon, at indibidwal ang anumang impormasyong ibibigay ninyo sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) kasama na ang inyong pangalan at address. Bukod rito, kapag nag-aplay kayo para sa naturalisasyon o pagka-mamamayan, tatanungin kayo kung nakapagrehistro o nakaboto na kayo sa pederal, pang-estado o lokal na eleksyon sa Estados Unidos. Baka gusto ninyong kumonsulta sa abugado sa imigrasyon, organisasyong nagbibigay ng proteksiyon sa karapatan ng migrante, o iba pang mapagkukunan ng kaalaman bago kayo magbigay ng anumang personal na impormasyon sa Department of Elections at bago kayo magparehistro para bumoto sa Eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ng San Francisco. Makikita rin ninyo ang listahan ng mga organisasyong nonprofit na may espesyalisasyon sa pagprotekta sa mga karapatan ng migrante sa selections.org.



NO POSTAGE
NECESSARY
IF MAILED
IN THE
UNITED STATES



BUSINESS REPLY MAIL
FIRST-CLASS MAIL PERMIT NO. 13632 SAN FRANCISCO CA

POSTAGE WILL BE PAID BY ADDRESSEE

DEPARTMENT OF ELECTIONS
CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
1 DR. CARLTON B. GOODLETT PLACE, ROOM 48
SAN FRANCISCO, CA 94102-9581



Maaari ba ninyong gamitin ang Form para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante para magparehistro para bumoto sa eleksyon para sa Lupon ng mga Paaralan sa Nobyembre 3, 2020?

Kailangang totoo ang LAHAT ng mga pahayag sa ibaba:

- Hindi ako mamamayan ng Estados Unidos
- Nakatira ako sa San Francisco
- Wala akong planong lumipat ng tirahan bago mag-Nobyembre 3, 2020
- Ako ay magulang, o legal na tagapatnubay o tagapangalaga*, ng isang batang mas mababa sa 19 taong gulang ang edad na nakatira sa San Francisco
- Ako ay 18 taong gulang o higit pa sa Nobyembre 3, 2020
- Hindi ako nakakulong o parolado dahil sa peloni
- Hindi napatunayan ng isang hukuman na wala sa maayos na katinuan ang aking pag-iisip para bumoto

**Ang tagapangalaga ay isang taong pumipirma sa affidavit para i-enroll ang isang menor de edad sa paaralan at pumapayag sa mga pangangalagang medikal na may kaugnayan sa paaralan sa ngalan ng menor de edad. Tinutukoy ito ng batas ng estado, sa CA Family Code §6550-6552.*

Ang pagpaparehistro gamit ang Form para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante ay hindi nagbibigay permiso sa inyo na bumoto sa iba pang eleksyong pederal, pang-estado, o lokal.

Kung may tumulong sa inyong sagutan o ihatid ang Form para sa Pagpaparehistro ng mga Hindi Mamamayan para maging Botante, kailangang ibigay ng taong tumulong sa inyo ang sumusunod na impormasyon:

Pirma _____

Petsa _____

Pangalan, address, at telepono

Organisasyon at telepono (kung mayroon)



REG FI

